IMPORMASYONG SENSITIBO SA MERKADO
Naka-embargo hanggang 0730 ICT (0030 UTC) Nobyembre 3, 2023

# S&P Global ASEAN Manufacturing PMI®

## Higit pang paghina ng mga kundisyon sa pagmamanupaktura sa ASEAN sa buwan ng Oktubre

**Mga pangunahing nalaman:**

Hindi nagbago ang headline na PMI na 49.6

Bumaba ang mga bagong order sa pangalawang buwan na ngayon

Mas mabagal na pagbaba ng mga rate ng presyo ng input at inflation sa singil sa output

Kinolekta ang data noong Oktubre 12-25

Kasunod ng unang paghina ng mga kundisyon sa pagpapatakbo sa loob lang ng dalawang taon noong Setyembre, nagpahiwatig ang pagsisimula ng huling quarter ng lalo pang pagtamlay ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN. Nabawasan ang mga bagong order sa pangalawang buwan na nitong Oktubre, habang patuloy sa pagbagal ang paglago ng output. Kasunod nito, nagbawas ulit ang mga kumpanya ng kanilang aktibidad ng pagbili sa unang pagkakataon sa loob lang ng dalawang taon, bagama't bahagya lang. Samantala, muli na namang naubos ang mga imbentaryo.

Sa usapin ng mga presyo, bahagyang humina ang mga pressure sa inflation noong Oktubre. Parehong tumaas ang mga gastos sa input at presyo sa pagbebenta sa mga rate na mas mabagal kaysa sa kaukulang matatagal nang average ng mga ito.

Hindi nagbago ang headline na S&P Global ASEAN Manufacturing *Purchasing Managers' Index (PMI®)* nitong Oktubre mula sa 49.6 noong Setyembre. Nagpapahiwatig ang pinakahuling tala ng bahagyang paghina ng mga kundisyon sa pagpapatakbo sa pangalawang buwan na ngayon.

Sa pitong ASEAN na bansang sakop ng survey, lima ang nagtala ng pagtamlay ng kanilang sektor ng pagmamanupaktura; ang pinakamataas na bilang ng mga bansa na nag-ulat ng pagbaba mula noong Agosto 2021. Nanguna sa pagbaba ang mga nagmamanupaktura sa Malaysia sa pang-apat na buwan na ngayon. Hindi nagbago at patuloy ang paghina ng mga kundisyon ng pagpapatakbo roon (may headline na PMI na 46.8) na nagpapahiwatig ng pinakamabilis na pinagsamang pagbaba mula Enero.

Nagtala rin ang sektor ng pagmamanupaktura ng Thailand ng higit pang paghina sa mga kundisyon sa pagpapatakbo nito. Sa 47.5, nagtala ang headline na figure ng mas mababa sa neutral na 50.0 na marka sa pangatlong buwan na ngayon. Dagdag pa rito, pinakakapansin-pansin ang rate ng pagbaba sa loob ng dalawa't kalahating taon.

**S&P Global ASEAN Manufacturing PMI**

sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan




Pinagkunan: S&P Global PMI.

May mga naitalang bahagyang paghina sa mga kundisyon sa negosyo sa buong Singapore (48.6) at Myanmar (49.0). Gayunpaman, habang bumagal ang pagbaba sa buong sektor ng pagmamanupaktura ng Singapore, nakapagtala naman ang Myanmar ng bagong pagbaba kasunod ng walong buwang pagbuti ng kalagayan nito.

Nakapagtala ang Vietnam ng bahagyang pagbaba noong Oktubre, kung saan hindi nagkaroon ng malawakang pagbabago sa rate ng paghina mula sa nakita sa nakaraang panahon ng survey (49.6).

Ang dalawang bansa na nakitaan ng pagbuti sa kalagayan ng kanilang mga sektor ng pagmamanupaktura ay ang Indonesia (51.5) at Pilipinas (52.4). Bumagal ang momentum ng paglago ng Indonesia na pinakamabagal na naitala sa loob ng limang buwan, at bumuti naman ang mga kundisyon ng pagpapatakbo ng mga kumpanya sa pagmamanupaktura sa Pilipinas sa pinakamabilis na rate na naitala sa loob ng pitong buwan.

Bahagyang humina ulit ang mga kundisyon ng negosyo sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN sa buwan ng Oktubre. Ang dahilan ng pinakabagong pagbaba ay ang mas mahinang demand na pinagbabatayan, na umabot hanggang sa

Copyright © 2023 S&P Global

pangalawang buwan ng pagbaba ng mga bagong order. Sa kabila nito, muling tumaas ang mga antas ng produksyon sa mga producer ng mga produkto sa ASEAN, at kabilang sa mga dahilan nito ang pagkaipon ng mga order sa halos buong 2023, na sumuporta sa higit pang nakitang pagbaba sa mga backlog. Gayunpaman, bahagya lang sa pangkalahatan ang rate ng pagdami ng output at ito ang pinakamabagal na naitala sa kasalukuyang 25 buwang sunod-sunod na paglago.

Naging dahilan din ang patuloy na pagbaba ng mga bagong order sa panibagong pagbaba sa pagbili ng input, na nagtala ng unang pagbaba mula noong Setyembre 2021.

Dahil binawasan ng mga producer ng mga produkto ang kanilang aktibidad ng pagbili, tumaas ang paggamit ng parehong mga pre-production at post-production holding. Naubos ang mga imbentaryo sa mga rate na mas mabilis kaysa sa nakita sa nakaraang panahon ng survey.

Gumanda ang performance ng vendor sa pangwalong buwan na ngayon. Bahagya lamang ang pag-ikli ng mga average na lead time, gayunpaman, nagpahiwatig ito ng nabawasang pressure sa mga supply chain sa gitna ng kamakailang paglala ng mga kundisyon sa demand.

Nakatulong din ang mga kundisyon na mas marami ang mga nagbebenta kaysa sa mga namimili (soft market) upang mapahina ang mga pressure sa inflation. Parehong tumaas ang mga presyo ng input at singil sa output sa mga dati nang mabagal na rate.

Nananatiling positibo ang pananaw ng mga nagmamanupaktura para sa output, kung saan inaasahan ng mga kumpanya sa pangkalahatan ang paglago ng produksyon sa susunod na 12 buwan. Kaugnay nito, humina ang antas ng kumpiyansa sa pinakamababang naitala sa loob ng tatlong buwan at nanatili itong mas mababa sa average ng serye.

Panghuli, sa kabila ng lalo pang paghina ng mga kundisyon sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN, walang pagbabago sa pangkalahatan ang dami ng trabaho noong Oktubre, kung saan bahagya lamang na tumaas mula noong Setyembre ang kaukulang pana-panahong ina-adjust na index.

**Pagmamanupaktura PMI**

sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan




Pinagkunan: S&P Global PMI.

Bilang komento sa data ng ASEAN Manufacturing PMI, sinabi ni Maryam Baluch, Economist sa S&P Global Market Intelligence, na:

*“Nagpahiwatig ang pagsisimula ng huling quarter ng panibago na namang bahagyang paghina sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN.*

*“Nakita sa pinakabagong data na tumaas ang mga antas ng produksyon sa pinakamabagal na rate sa loob ng 25 buwan. Gayunpaman, posibleng lubos na nasuportahan ang pinakabagong pagtaas sa output ng pagkaipon ng mga order na naitala sa halos buong 2023, dahil bumaba ang mga bagong order sa pangalawang buwan na ngayon. Kung patuloy na hihina ang demand, maaaring makita natin ang pagbaba ng output ng mga nagmamanupaktura sa mga susunod na buwan.*

*“Sa hinaharap, patuloy na papalabuin ng mga pandaigdigang hadlang sa ekonomiya ang inaasahang mangyayari, kabilang ang mabagal na pagbangon ng ekonomiya sa China at ang mga kasunod na epekto ng paghihigpit sa patakaran sa pananalapi sa karamihan ng mga kasapi ng ASEAN at sa iba pang lugar. Sa kabilang banda, dahil humihina ang mga pressure sa inflation, maaari itong makatulong sa pagsuporta sa mga benta at pagpapataas ng demand.”*

-Tapos na-

PMI® by S&P Global

Copyright © 2023 S&P Global

# Pag-release ng Balita

## Makipag-ugnayan

**S&P Global Market Intelligence**
Maryam Baluch
Economist
Telepono +44-12-4432-7213
Email: maryam.baluch@spglobal.com

**S&P Global Market Intelligence**
SungHa Park
Corporate Communications
Telepono +82 2 6001 3128
Email sungha.park@spglobal.com

## Metodolohiya

Ang S&P Global ASEAN Pagmamanupaktura PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga nagmamanupaktura sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 nagmamanupaktura. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN pagmamanupaktura value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang pagmamanupaktura value added*.

Ang headline na figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@spglobal.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

## S&P Global (NYSE: SPGI)

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon.

Ang S&P Global ay isang nakarehistrong trademark ng S&P Global Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2023 S&P Global Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan. www.spglobal.com

## Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. ng mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa http://www.spglobal.com/marketintelligence/en/mi/products/pmi.

*Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa* sungha.park@spglobal.com*.* Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global at/o mga affiliate nito. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("Data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa Data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng Data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga trade mark o nakarehistrong trade mark ng S&P Global Inc o nakalisensya sa S&P Global Inc at/o mga affiliate nito.

Pina-publish ang Content na ito ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na pinamamahalaan. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng kinauukulang panig. Ang naturang panig, mga affiliate at supplier nito ("Mga Content Provider") ay hindi nagbibigay ng garantiya ukol sa katumpakan, kasapatan, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o availability ng anumang Content at hindi ito responsable para sa anumang mga pagkakamali o omisyon (nang pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakukuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi kailanman mananagot ang mga Content Provider para sa anumang danyos, halaga, gastusin, legal na bayarin, o pagkalugi (kasama ang naluging kita o nawalang kita at mga opportunity cost) kaugnay ng anumang paggamit ng anumang Content.

PMI®
by S&P Global

Copyright © 2023 S&P Global